Pahayag ni **KRIS WANG**, Kandidato para sa
**Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Cupertino**

**Trabaho:** Dating Alkalde ng Cupertino
**Edukasyon at Mga Kuwalipikasyon:**

Dating Alkalde ng Cupertino/Miyembro ng Konseho ng Lunsod ng Cupertino/ Dating Tagapangulo, Mga Parke at Panlibangan ng County ng Santa Clara

Bilang 30 taong residente ng Cupertino at dating naglingkod sa Konseho ng Lunsod, kilala ko ang Cupertino at ang mga residente nito at pinapahalagahan ko ang nakakamanghang pagkakaiba at magagandang asal na siyang pinagmumulan ng kagandahan ng ating lungsod. Isa akong aktibong kalahok sa komunidad at nakipagtulungan sa ating mga residente sa loob ng maraming taon. Pinapakinggan at nauunawaan ko ang mga inaalala ng mga mamamayan ng Cupertino.

Pinapangarap ko ang pagsulong ng Cupertino bilang huwarang komunidad para sa ating mga pamilya. Tinututulan ko ang mapanganib na pag-unlad at sinusuportahan ang responsableng paglago. Nangangako akong magpaplano para sa mas maraming espasyo para sa parke, mas maraming mapagkukunan para sa kaligtasan ng publiko, at mga solusyon upang matugunan ang pagsikip ng trapiko. Bilang dating Alkalde, magpopokus ako sa matipid na paggastos at pagpapanatili ng balanseng badyet ng lunsod. Bilang may-ari ng maliit na negosyo, isa akong tagapagtaguyod ng pagsuporta sa ating kasalukuyang komunidad ng negosyo at paghikayat ng mga bagong negosyo sa ating lunsod. Bilang ina, susuportahan ko ang tuluy-tuloy na kahusayan ng ating mga paaralan.

Buong galang kong hinihingi ang inyong suporta sa pagkatawan sa inyo sa Konseho ng Lunsod ng Cupertino.

Pahayag ni **VAL VITOLS**, Kandidato para sa
**Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Cupertino**

**Trabaho:** Retirado **Edad:** 66
**Edukasyon at Mga Kuwalipikasyon:**

Nasa lugar na ang lahat. Ang aking tungkulin bilang NuManagement ay suportahan ang pagkakaroon ng Malinis na Hangin, Malinis na Tubig at Malinis na Pagkain.

Ito ay upang Suportahan ang pakikilahok at koneksiyon ng Komunidad sa sarili nitong proseso. Wala rito ang NuPolitics upang Mag-ayos ng kahit ano. Mayroong sari-sariling posisyon ang mga residente at empleyado ng lunsod, at alam na nila kung ano ang gagawin. Magaling sila sa kung anong ginagawa nila.

Ang mga proyektong naghihikayat sa komunidad at sa lipunan sa halip na ang mga proyektong nakatuon sa pagkakaroon ng kita ang nakakabuo ng matitibay na ugnayan kung saan maaaring maganap ang tapat na ekonomiya sa pangmatagalang paraan. Sa madaling salita, ang paghikayat sa pamumuhunang pantao ang nagsisilbing daan tungo sa kaunlaran.

Maging totoo tayo sa kung anong nangyayari. Hindi na maganda ang kalagayan ng planeta. Nakasalalay ang ating kaligtasan sa mga taong gumagawa ng mas mahuhusay na pagpili. Hindi sa kung anumang bagong patakaran, batas o regulasyon. May kahit ano bang solusyong totoong nakagawa ng pagkakaiba? Gumising tayo sa kung anong may katuturan. Bumuo tayo ng komunidad na susuporta sa sarili nito at susuporta sa bawat isa.

Pahayag ni **ROD SINKS**, Kandidato para sa
**Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Cupertino**

**Trabaho:** Nanunungkulang Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Cupertino
**Edukasyon at Mga Kuwalipikasyon:** **Edad:** 58

Sinusuportahan ni Rod Sinks ang naipagpapatuloy na pagyabong habang napapamalagi ang lahat ng nagustuhan natin sa Cupertino. Isa akong tagapagtaguyod para sa matatatag na mga paaralan. Bilang inyong kinatawan sa konseho, nakinig ako sa inyo at nagsikap upang maipakalat ang mga pagpapaunlad sa pabahay na ipinag-utos ng estado sa ating buong lunsod upang mapagaan ang tensiyon sa ating mga paaralan. Ipinaglaban ko ang abot-kayang pabahay upang mas maraming guro ang makatira sa ating komunidad. Ang isang naipagpapatuloy na ekonomiya ay nangangahulugan ng pag-unlad at pananagutan sa pananalapi. Palalakasin ng bagong kampus ng Apple ang ating ekonomiya at batayan ng buwis. Nabigyan tayo ng mga bagong pagpipilian dahil sa mga muling napasiglang pamilihan at kainan at napanatili ang ating mga pera sa Cupertino.

Ang napapanatiling transportasyon ay nangangahulugang hindi gaanong mabigat na daloy ng trapiko. Pinamunuan ko ang isang koalisyon ng Mga Alkalde upang makipagkasundo para sa $248 milyon para sa mga pinahusay na interchange at kalsada sa Cupertino, at $350 milyon para sa bagong sasakyang pampubliko bilang Tagapangulo ng Lupon ng Tagapayo sa Patakaran sa Koridor ng Route 85 ng Estado. Bilang Alkalde, pinasimulan ko ang isang ambisyosong plano para sa pagbibisikleta, na mabilis na nasimulan gamit ang $2 milyon, na gumawa ng mga mas ligtas na ruta patungo sa mga paaralan, trabaho at pamilihan.

Bilang isang pinuno na mapagmahal sa kalikasan, pinangunahan ko ang paggawa ng at naging tagapangulo ng Awtoridad para sa Malinis na Enerhiya sa Silicon Valley, at nakipagkumpitensya sa PG&E sa pamamagitan ng mas mura at carbon-free na kuryente sa 2017. Nakikipaglaban din ako para sa mas malinis na hangin sa Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area.

28 taon na akong residente, tagapagpaganap sa mataas na teknolohiya, lider ng iskaut, tagapayo o tagapagturo ng robotics, nagtapos sa Stanford, at hindi pinopondohan ng mga tagapagpaunlad. Mangyaring bumisita sa rodsinks.com at bumoto para kay Rod Sinks.

Pahayag ni **STEVEN SCHARF**, Kandidato para sa
**Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Cupertino**

**Trabaho:** Inhinyero ng mga Embedded na Sistema
**Edukasyon at Mga Kuwalipikasyon:**

Iisa lang ang dahilan ng pagsisikip ng paaralan, pagsisikip ng trapiko, at pagkasira ng kapaligiran: ang walang planong sobra-sobrang pagtatayo ng mga tagapagpaunlad na umaabuso sa mga katangiang nakahikayat sa atin sa Cupertino.

Nagtrabaho ako sa loob ng 16 na taon laban sa pang-aabuso sa Cupertino ng mga tagapagpaunlad. Sinusuportahan ko ang makatuwirang paglago, na may pangmatagalang pagpaplano, upang matiyak na lalago ang Cupertino alinsunod sa mga pinapahalagahan at pananaw ng komunidad. Tinitiyak ng makatuwirang paglago na naaayon ang pag-unlad sa Pangkalahatang Plano, makakalikasan, at magbabayad para sa imprastraktura, kasama na ang transportasyon, mga paaralan, at parke. Tinututulan ko ang mga tagapagpaunlad na nagbabalewala sa iniaatas ng Ulat Ukol sa Epekto na Pangkapaligiran ng California sa pamamagitan ng mamahaling at mapanlinlang na mga inisyatibo sa balota at kampanya.

Gagawin ko ang kinakailangan sa konseho, magiging matanong ako lalo na kapag nakikipagtransaksyon sa mga tagapagpaunlad na may mga kasaysayan ng mga hindi natupad na pangako at hindi natapos na proyekto. Titiyakin kong tumutugma ang mga inaprubahang proyekto sa aktuwal na itinayo.

Sa pagdalo sa mga pulong ng Konseho ng Lunsod sa loob ng ilang dekada at pagbabasa ng mga ulat sa pananalapi ng kampanya, natukoy ko kung sinong mga miyembro ng konseho ang nagpapasa ng batas sa ngalan ng mga tagapagpaunlad, at kung sinong mga miyembro ang nagtataguyod para sa mga residente. Kahit hindi na nanunungkulan, marami sa dating mga miyembro ng konseho ang binabayaran upang maglobi para sa mga tagapagpaunlad at laban sa mga residente; hindi ito ilegal ngunit labag ito sa etika. Maghalal ng mga miyembro ng konseho na magtataguyod para sa Cupertino. http://scharf4cupertino.com.

Pahayag ni **JERRY LIU**, Kandidato para sa
**Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Cupertino**

**Trabaho:** Tagapamahala sa Inhinyeriya, Tagapangulo ng Komisyon ng Aklatan
**Edukasyon at Mga Kuwalipikasyon:** **Edad:** 47

Lumaki ako sa isang hindi mayamang pamilya, ngunit ibinigay sa akin ng aking mga magulang ang regalo ng pagpapahalaga sa edukasyon at pagsusumikap sa trabaho. Tumira ako at ang aking asawang si Jennifer sa Cupertino upang maaaring manirahan ang aming mga anak na babae sa isang komunidad na nagpapahalaga rin sa mga bagay na ito.

Bilang tagapamahala sa inhinyeriya na mayroong 20+ patente at nangangasiwa ng mga proyekto sa buong mundo sa isang kumpanya ng teknolohiya na kasama sa Fortune 100, namuno ako sa mga pangkat upang lumutas ng mga kumplikadong problema, pinanagot ang mga taong dapat managot, at nakatapos ng mga gawain. Bilang Tagapangulo ng Komisyon ng Silid-aklatan ng Cupertino at Presidente ng Konseho ng Lugar ng Paaralang Elementarya ng Lincoln, naprotektahan ko ang mga serbisyo ng silid-aklatan at nagtaguyod para sa mga magulang. Bilang miyembro ng lupon ng Bay Area para sa Malinis na Kapaligiran, nakipaglaban ako para sa kalusugan ng publiko laban sa polusyon sa kapaligiran. Natanggap ko ang 2016 CREST Award ng Cupertino para sa aking mga boluntaryong kontribusyon. At bilang ama, nararamdaman ko ang pagmamahal na nagtutulak sa mga magulang na ibigay ang pinakamahusay para sa kanilang mga anak.

Disiplinado ako at patas pagdating sa pananalapi. Kung mahahalal, gagawin kong priyoridad ang mga pamumuhunang mag-aangat sa pang-araw-araw na buhay ng mga residente, kasama na ang mga paaralan, trapiko, kapaligiran, at parke. Kaya kong makipagtulungan sa parehong panig kahit na may hindi pagkakasundo, at ikinararangal kong makuha ang suporta mula sa tatlo sa limang kasalukuyang miyembro ng konseho ng lunsod. Buong galang kong hinihingi ang inyong boto. Pakibisita ang http://www.JerryLiu.com

Pahayag ni **DAVID FUNG**, Kandidato para sa
**Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Cupertino**

**Trabaho:** Kasangguni sa Inihinyeriya/Boluntaryo **Edad:** 56
**Edukasyon at Mga Kuwalipikasyon:**

Cupertino ang naging tahanan ko sa loob ng 30 taon. Noong nakapagtapos na ako ng pag-aaral sa Stanford at sa 11 taon kong pagtatrabaho sa Apple, nahikayat ako sa enerhiya na naging dahilan kung bakit naging sentro ng pandaigdigang inobasyon ang Cupertino. Nakatuon ako sa pagpapanatili sa kinang na iyon para sa pamilya ninyo at sa pamilya ko.

Sa nagdaang 10 taon, ako ay naging aktibong boluntaryo sa komunidad. Sa aking anim na taon sa Komisyon ng Mga Parke at Libangan, tumulong ako sa pagsasaayos at paghahatid ng Sentro ng Edukasyong Pangkapaligiran at mga proyekto ng Koridor ng Stevens Creek, sa pamamagitan ng paghihikayat sa masiglang pagmumungkahi ng publiko. Kinakatawan ko ang mga pananaw ng magulang sa Konsehong Tagapayo sa Matematika ng FUHSD. Bilang Miyembro ng Lupon ng Friends of Deer Hollow Farm, kumikilos ako upang pahusayin ang palatandaang ito, ngayon at para sa susunod na henerasyon.

Kung mahalal, itataguyod ko ang maayos na antas ng pag-unlad, paghahanap ng mga epektibong panrehiyong solusyon sa trapiko, at pagpapatibay sa mga pakikipagtulungan sa pagitan ng lunsod at paaralan. Naniniwala ako sa paggawa ng desisyon na batay sa katotohanan at pagkamit ng maisasagawang kompromiso sa pamamagitan ng pagsasama sa lahat at respeto. Nangangako akong maghahahanap ako ng mga solusyong naghihikayat sa pakikipagtulungan kasama ang Konseho at ang komunidad. Ganito rin ang layunin ng aking mga tagasuporta, na kinabibilangan ng mga dating Alkalde na sina Orrin Mahoney at Richard Lowenthal at ng mga Katiwala ng FUSHD na sina Hung Wei at Bill Wilson.

Ikinararangal ko ang oportunidad na pagsilbihan kayo. Matuto nang higit pa sa www.fung4cupertino.com.

Pahayag ni **PARTH BHARWAD**, Kandidato para sa
**Miyembro, Konseho ng Lunsod ng Cupertino**

**Trabaho:** Estudyante **Edad:** 20
**Edukasyon at Mga Kuwalipikasyon:**

Kumusta! Ako si Parth Bharwad. Dahil 20 taong gulang pa lang ako, maraming tao ang nagtanong sa akin kung bakit ko gustong tumakbo para sa konseho ng lunsod sa napakabatang edad. Naniniwala akong gaano man kabata ang isang tao, hindi ito mahalaga sa paggawa ng pagbabago sa kanyang komunidad. Tumatakbo ako para sa konseho ng lunsod dahil naniniwala akong kaya kong maging angkop na kinatawan para sa mga residente ng Cupertino sa konseho. Bilang bahagi ng millennial na henerasyon, malaki ang ibinata ko kumpara sa maraming tagagawa ng desisyon sa lunsod at mayroon akong naiibang pananaw sa maraming isyu. Nangangailangan ang lunsod ng millennial na pananaw, ng edukadong boses ng kabataan, upang dalhin ang bagong pananaw na iyon sa konseho. Lubos akong naniniwala sa Pagbibigay-lakas sa Kabataan, Napapanatiling Pag-unlad at Pampublikong Kaligtasan, at magtatrabaho ako nang husto, kung mahalal, upang gumawa ng pag-unlad sa bawat larangang ito. Panahon na upang tumindig laban sa kasalukuyang kalagayan ng lokal na pamahalaan at maghalal ng millennial sa konseho ng lunsod ng Cupertino. Cupertino ang magiging tahanan ko sa loob ng mga susunod na dekada, kaya gusto kong tiyakin ang pag-unlad ng komunidad sa hinaharap.